**NATIONAL ASSOCIATION FOR SIKOLOHIYANG PILIPINO, INC.**
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 8361-9260 E-mail: secretariat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph
PRC CPD Accreditation Number: 2018-029

# LINANGAN 2023: PAMBANSANG WORKSHOP SA PAGTUTURO NG SIKOLOHIYANG PILIPINO
## 17-18 Agosto 2023

| Oras | 17 Agosto 2023 | 18 Agosto 2023 |
|---|---|---|
| 08:00 – 09:00 n.u. | Pagpapatala at Pagpapakilala | Pagpapatala at Recap<br>*Prop. Charmaine P. Galano* |
| 09:00 – 10:30 n.u. | Kabuuang Oryentasyon sa Linangan<br>*Prop. Jay A. Yacat* | **Ika-apat na Sesyon**:<br>Ang Kultura at Sikolohiya<br>*Prop. Charmaine P. Galano* |
| 10:30 – 12:00 n.t. | **Unang Sesyon**:<br>Pangkalahatang Oryentasyon sa Pagtuturo ng Sikolohiyang Pilipino<br>*Prop. Jay A. Yacat* | **Ikalimang Sesyon**:<br>Mga Hating Kultural at ang Pagkakaiba-Iba ng Karanasang Pilipino<br>*Prop. Charmaine P. Galano* |
| 12:00 – 01:00 n.t. | Tanghalian | Tanghalian |
| 01:00 – 02:30 n.h. | **Ikalawang Sesyon**:<br>Ang WEIRD[1] na Sikolohiya at ang Kolonyal na Konteksto ng Sikolohiya sa Pilipinas<br>*Prop. Jay A. Yacat* | **Ika-anim na Sesyon**:<br>Mga Malikhaing Pamamaraan sa Pagtuturo ng SP<br>*Prop. Charmaine P. Galano* |
| 03:00 – 03:30 n.h. | Break | Break |
| 03:30 – 05:00 n.h. | **Ikatlong Sesyon**:<br>Ang Sikolohiyang Pilipino at ang Pagsasakatutubo ng Sikolohiya<br>*Prop. Jay A. Yacat* | **Ikapitong Sesyon**:<br>Mga Isyu sa Pagtuturo ng Sikolohiyang Pilipino<br>*Prop. Jay A. Yacat at Prop. Charmaine P. Galano* |

- **Prop. Jay A. Yacat**

Kasalukuyang Kawaksing Propesor si Jay A. Yacat sa Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman at isang Rehistradong Sikolohista.

Naging Pangulo siya ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) at kasalukuyang miyembro ng Lupon ng mga Kadiwa nito. Marami sa kaniyang publikasyon ay may kinalaman sa Sikolohiyang Pilipino at katutubong sikolohiya. Ang iba pa niyang mga interes sa pananaliksik ay may kinalaman sa pambansang identidad, pagpahalagang Pilipino, paglahok sa lipunan, volunteering, at iba pang usaping kaugnay ng karapatang pantao, partikular na ang karapatan ng mga bata.

May halos 25 taon na siyang karanasan sa pagtataguyod ng karapatang pambata sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pananaliksik sa mga usapin tulad ng pang-aabuso, pakikilahok, proteksiyon, pamamalo at pagpaparusa, bullying at iba pa. Tinutulungan din niya ang mga organisasyon na idokumento at tasahin ang impact ng kani-kanilang mga programa at interbensiyon. Aktibo rin siya sa larangan ng training at advocacy. Tinutulungan niya ang mga lokal at internasyonal na mga organisasyon na isakonteksto ang kanilang mga programa at gawain sa mga bata at kabataan ayon sa kulturang Pilipino.

- **Prop. Charmaine P. Galano**

Si Charmaine Galano ay Katuwang na Propesor sa Departamento ng Sikolohiya, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Siya ay nagtapos ng BA Psychology at MA in Psychology sa parehong institusyon. Ang kanyang mga interes sa pananaliksik ay may kinalaman sa halagahing Pilipino, sikolohiya ng pakikipagkapwa, mga katutubong metodo, bolunterismo, at pagpapalaki at pag-unlad ng bata. Siya ay aktibong kasapi ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.

[1] WEIRD – isang acronym na tumutukoy sa ideya na ang sikolohikal na kaalaman ay nanggaling lamang sa Western, Educated, Industrialized, Rich, Democratic na mga sample